MALACAÑANG
Manila

PROKLAMASYON BLG. 19

NA NAGPAPAHAYAG NG PAGDIRIWANG NG LINGGO NG WIKANG PAMBANSA TUWING AGOSTO 13-19 TAUN-TAON.

SAPAGKAT ang isang katutubong wikang panlahat ay buklod ng pambansang pagkakaisa, sagisag ng karangalang panlahi, at mabisang kasangkapan sa pag-unlad ng isang bansang nagsasarili at malaya; at

SAPAGKAT ang Wikang Pambansang Pilipino ay gumawa ng napakahalagang papel sa himagsikang pinasiklab ng Kapangyarihang Bayan na nagbunsod ng bagong pamahalaan.

DAHIL DITO, Ako, si CORAZON C. AQUINO, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng batas, ay nagpapahayag na taun-taon, ang panahong mula Agosto 13 hanggang 19, araw ng pagsilang ng naging Pangulong Manuel L. Quezon, itinuturing na Ama ng Wikang Pambansa, ay Linggo ng Wikang Pambansang Pilipino na dapat ipagdiwang ng lahat ng mga mamamayan sa buong bansa, sa pangunguna ng mga nasa pamahalaan at mga paaralan at gayundin ng mga lider ng iba't ibang larangan ng buhay.

BILANG KATUNAYAN, lumagda ako rito at ikinintal ang tatak ng Republika ng Pilipinas.

Isinagawa sa lungsod ng Maynila, ngayong ika 12 araw ng Agosto labinsiyam na raa't walumpu't anim; at ng kasarinlan ng Pilipinas, ikawalumpu't walo.

CORAZON C. AQUINO
Pangulo ng Pilipinas

Sa Atas ng Pangulo:

JOKER P. ARROYO
Kalihim Tagapagpaganap